FilipinoPod101.com

LESSON NOTES

# Advanced Audio Blog S1 #1
# Top 10 Filipino Regions and Cities: Metro Manila

## CONTENTS


2 Filipino
2 English
3 Vocabulary
3 Sample Sentences
4 Cultural Insight


# 1


innoVativeLANGUAGE.COM

COPYRIGHT © 2012 INNOVATIVE LANGUAGE LEARNING. ALL RIGHTS RESERVED.

# FILIPINO

1. Metro Manila

2. Ang Maynila ang kabisera ng Pilipinas, at ang metro area ay binubuo ng labinganim na iba't ibang mga lungsod. Bukod sa pagiging kabiserang lungsod ng bansa, ito rin ang pangunahing sentro ng bansa para sa ekonomiya, kultura, edukasyon, at lipunan. Ang metro area ang sentro ng pamahalaan para sa bansa, ngunit ang lungsod mismo ay ang talagang kabisera. Sa loob ng metro area, ang Quezon City ang pinakamalaki.

3. Ang metro area ng Maynila ay nakaupo sa isang tangway kasama ng Laguna de Bay sa isang dako, Manila Bay sa kabilang dako, at ang Ilog Pasig na umaagos sa gitna. Ang rehiyon ay isa din sa pinakamalaking bahaing kapatagan sa Pilipinas. Ito rin ay kilala bilang isang lugar ng kapwa kapuna-punang kayamanan at matinding kahirapan. Marami ding mamahaling komunidad sa Metro Manila. Iyan ay kabaligtaran sa napakaraming iskwater sa iba't ibang bahagi ng metro area, lalo na sa lupang pagmamay-ari ng gobyerno na kasalukuyang hindi ginagamit at sa tabi ng mga linya ng tren na dumadaan sa lugar.

4. Mayroon ding ilang mga mahahalagang palatandaan sa metropolitan area ng Maynila. Isa sa mga pinakakilalang parke sa lugar ay ang Rizal Park, na naglalaman ng Monumento ni Rizal, isang mausoleo na gumugunita kay Jose Rizal, isang martir na nagsulong para sa mga repormang panlipunan at ang kanyang pagkamatay ay nagpasiklab ng Himagsikang Pilipino. Bukod sa Monumento ni Rizal, ang parke ay naglalaman din ng mga kahanga-hangang hardin ng mga Hapon at Instik, ang Pambansang Museo ng Lahing Pilipino, at isang napakalaking relief map ng bansa.

# ENGLISH

1. Metro Manila

2. Manila is the capital of the Philippines, and the metro area is comprised of sixteen different cities. In addition to being the capital city of the country, it is also the nation's main center for economics, culture, education, and society. The metro area is the "seat of government" for the country, but the city itself is actually the capital. Within the metro area, Quezon City is the largest.

CONT'D OVER

3. The metro area of Manila sits on an isthmus with Laguna de Bay on one side, Manila Bay on the other, and the Pasig River running down the middle. The region is also one of the largest flood plains in the Philippines. It is also known as an area of both conspicuous wealth and extreme poverty. There is an abundance of expensive gated communities in Metro Manila. That's in contrast to the numerous illegal slums in various parts of the metro area, especially on government-owned land that's not currently in use and along the rail lines running through the area.

4. There are also a number of important landmarks in the Manila metropolitan area. One of the most iconic parks within the area is Rizal Park, which contains the Rizal Monument, a mausoleum that commemorates Jose Rizal, a martyr who worked for social reforms in his native country and whose death sparked the Philippine Revolution. In addition to the Rizal Monument, the park also contains impressive Japanese and Chinese gardens, the National Museum of the Filipino People, and a massive relief map of the country.

## VOCABULARY

| **Filipino** | **English** |
|---|---|
| binubuo | comprise |
| tangway | isthmus |
| kapuna-puna | conspicuous |
| kasaganaan | abundance |
| iskwater | slum |
| kilala | iconic |
| mausoleo | mausoleum |
| martir | martyr |

## SAMPLE SENTENCES

| | |
|---|---|
| **Ang mundo ay binubuo ng maraming mga bansa at mga tao.**<br>"The world is comprised of many nations and peoples." | **Ilang mga lungsod ay matatagpuan sa isang tangway.**<br>"Some cities are situated on an isthmus." |

| | |
|---|---|
| **Minsan ang pagmamahal ay hindi ginagawang kapuna-punang sapat.**<br><br>"Sometimes affection is not made conspicuously enough." | **May kasaganaan ng mga taong naniniwala sa isang mas mataas na kapangyarihan.**<br><br>"There is an abundance of people who believe in a higher power." |
| **Ang buhay sa iskwater ay hindi kapani-paniwalang mahirap.**<br><br>"Life in the slums is incredibly difficult." | **Si Ray Kroc ay isang kilalang halimbawa ng American dream.**<br><br>"Ray Kroc is an iconic example of the American dream." |
| **Ang mga labi ng tao ay inililibing minsan sa isang mausoleo.**<br><br>"Human remains are sometimes interred in a mausoleum." | **Kapag ang isang tao ay namatay para sa isang mahalagang layunin, sila ay itinuturing na isang martir.**<br><br>"When someone dies for an important cause, they are considered to be a martyr." |

## CULTURAL INSIGHT

### Did you know?

---

*Ang Intramuros, kilala din bilang Walled City, ay ang pinakalumang bahagi ng Metro Manila. Sa kasaysayan, ang lungsod ay ang kuta ng pamahalaang kolonyal ng Espanyol. Ang Intramuros ay matatagpuan sa Manila Bay sa timog lamang ng Ilog Pasig. Ang Fort Santiago, na nakatayo sa bukana ng ilog, ang nagbabantay sa lungsod. Itinayo ng mga kolonyalistang Espanyol ang mga pader na pumapalibot sa muog sa huling bahagi ng 1500s upang protektahan laban sa mga kolonyalista mula sa ibang bansa. Pinangalanan ng Global Heritage Fund ang Intramuros bilang isa sa labindalawang lugar sa buong mundo na sumusuray sa bingit ng kung tawagin nila ay "hindi maisasaayos na kawalan."*

---

Intramuros, also known as the Walled City, is the oldest part of Metro Manila. Historically, the city was the fortress of the Spanish colonial government. Intramuros is located on Manila Bay, just south of the Pasig River. Fort Santiago guards the city, sitting right on the river's mouth. Spanish colonialists built the walls surrounding the citadel in the latter part of the 1500s to protect against colonialists from other nations. The Global Heritage Fund has named Intramuros as one of twelve sites around the globe that are teetering on the edge of what it

calls "irreparable loss."